

Impormasyon para sa mga taong na-diagnose na may *Candida auris* (*C. auris*)

Natanggap mo ang polyeto ng impormasyong ito dahil nagpositibo ka sa *C. auris*.

Makakahanap ka rito ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang *C. auris* at ano ang ibig sabihin nito para sa iyo.

Ano ang *Candida auris*?

Ang *Candida auris* (dinaglat bilang *C. auris*) ay isang uri ng yeast na maaaring matagpuan sa balat at kung minsan ay sa ilong o sa iba pang bahagi ng katawan. Maaaring hindi ito tinatablan ng mga gamot na ginagamit upang gamutin ang mga impeksiyong dulot ng fungi. Maaaring mayroon kang *C. auris* sa iyong balat o sa mga mucous membrane nang hindi ka nagkakasakit o nakakaranas ng anumang sintomas. Tinatawag itong pagiging **carrier** ng *C. auris*. Itinuturing ka ring carrier ng *C. auris* kung una itong natukoy bilang resulta ng isang impeksiyon.

Ang *C. auris* ay maaaring magdulot ng mga impeksiyon, halimbawa, sa tiyan o daluyan ng dugo, ngunit maaari ring magkaroon ng iba pang uri ng impeksiyon.

Ang pagkakaroon ng *C. auris* at mga impeksiyon na dulot nito ay pangunahing natutukoy sa mga pasyenteng may karamdaman at mas bihira sa mga malulusog na tao.

Mapanganib ba ang pagiging carrier ng *C. auris*?

Ang pagkakaroon ng *C. auris* na hindi humahantong sa impeksiyon ay hindi naman mapanganib, at hindi kinakailangan ang paggamot dahil lamang carrier ka. Gayunpaman, kung magkaroon ka ng impeksiyon dulot ng *C. auris*, maaaring mas mahirap itong gamutin kaysa sa iba pang impeksiyong dulot ng fungi.

Paano naipapasa ang *C. auris*?

Ang *C. auris* ay matatagpuan sa balat at maaaring maipasa sa pamamagitan ng direktang kontak sa ibang tao. Maaari rin itong mabuhay nang matagal sa mga kagamitan at ibabaw, at kumalat sa iba sa pamamagitan ng mga kagamitan o ibabaw na hindi nalinis nang sapat.

Ano ang maaari kong gawin upang mabawasan ang panganib na makahawa sa iba?

- Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig:
 - bago maghanda o kumain ng pagkain
 - pagkatapos gumamit ng palikuran
 - pagkatapos madikit sa mga likido ng katawan, halimbawa, pagkatapos suminga
 - kapag halatang marumi ang iyong mga kamay
 - bago at pagkatapos bumisita sa mga ospital, pasilidad ng pangangalaga o iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan
- Panatilihing malinis ang anumang sugat, hiwa at mga pantal na may lumalabas na likido, at takpan ang mga ito ng benda o plaster.
- Huwag magpahiram ng pang-ahit o tuwalya sa ibang tao.
- Labhan ang damit-panloob, mga tuwalya at sapin sa kama sa temperaturang 90°C kung kaya ng tela ang temperaturang ito.
- Kapag naglilinis ng iyong bahay, linisin din ang mga hawakan ng pinto, hawakan ng mga kabinet at iba pang mga ibabaw na madalas hawakan.

Maaari ba akong pumasok sa nursery, paaralan o trabaho kung carrier ako ng *C. auris*?

Oo, maaari kang pumasok sa trabaho gaya ng dati kahit carrier ka ng *C. auris*. Ang mga batang carrier ng *C. auris* ay maaaring pumasok sa nursery o paaralan at makilahok sa mga aktibidad sa paglilibang at maglaro gaya ng dati.

Maaari ka ring pumasok sa trabaho gaya ng dati kahit carrier ka ng *C. auris*. Tandaang sundin ang payo upang mabawasan ang panganib na makahawa sa iba, gaya ng inilarawan sa itaas.

Sino ang kailangan kong abisuhan na carrier ako ng *C. auris*?

Ipaalam sa mga kawani na carrier ka ng *C. auris* kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan, halimbawa, kapag nagpapatingin ka sa doktor o kapag na-admit ka sa ospital o pasilidad ng pangangalaga. Ang impormasyon na carrier ka ng *C. auris* ay itatala rin sa iyong mga medikal na rekord. Makakatulong ito sa mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon at piliin ang tamang uri ng paggamot kung sakaling magkaroon ka ng impeksiyon.

Kung ang iyong kabiyaik o sinumang kasama mo sa bahay ay nangangailangan ng pangangalagang medikal, dapat nilang ipaalam sa serbisyong pangkalusugan na sila ay nakatira kasama ang isang taong carrier ng *C. auris*. Hindi mo kailangang ipaalam sa iyong amo, katrabaho, kaibigan, paaralan o nursery na carrier ka ng *C. auris*.

Anong mangyayari kapag ako ay na-admit sa ospital o pasilidad ng pangangalaga?

Kung carrier ka ng *C. auris*, maaaring kailangang magsagawa ng mga pag-iingat kapag ikaw ay na-admit sa ospital o pasilidad ng pangangalaga upang mabawasan ang panganib na kumalat ito sa iba. Ang mga hakbang na isasagawa ay depende sa sitwasyon. Maaaring kabilang dito, halimbawa

- Isang pribadong kuwarto at pribadong palikuran
- Pagsusuot ng mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan ng mga kagamitang pangkontrol sa impeksiyon gaya ng mga guwantes, gown at panakip-bibig (face mask)
- Mas madalas na paglilinis ng mga kuwarto at kagamitan
- Sa mga ospital, maaaring kailanganin na ihiwalay ka sa iba. Nangangahulugan ito na hihilingin sa iyong manatili sa iyong kuwarto at hindi ka maaaring gumamit ng mga pampublikong lugar o magkaroon ng malapit na kontak sa ibang mga pasyente.

Maaaring kailanganin din ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan sa ibang lugar. Bagama't kinakailangan ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon, may karapatan ka pa ring makatanggap ng parehong pangangalagang pangkalusugan gaya ng ibang mga pasyente.

Maaari ko bang maalis ang *C. auris*?

Walang paggamot ang makaiwas sa iyo sa pagiging carrier ng *C. auris*. Sa ilang tao, maaaring mawala ang fungus pagkalipas ng ilang buwan o taon. Gayunpaman, walang pagsusuring maaaring gawin upang matiyak na hindi ka na carrier ng *C. auris*. Samakatuwid, karaniwang hindi inirerekomenda ang mga follow-up na pagsusuri.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa *C. auris*, mangyaring makipag-usap sa iyong doktor.